
TAKE FIVE TO SURVIVE

# Pagiging Handa ng mga Alagang Hayop



Maraming pamilya ang may mga alagang hayop at bahagi rin sila ng pamilya. Kailangan nilang maging handa para sa isang kalamidad. Gumawa ng mga simpleng hakbang ngayon para maging handa sila.

**Alamin ang iba pang impormasyon tungkol sa kaugnay na mga flyer:**

- Pagiging Handa sa Kalamidad para sa mga Indibidwal at Pamilya
- Mga Supply na Pang-emergency
- Kalendaryo sa Pagiging Handa

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang Take5toSurvive.com


## Bago sumapit ang isang kalamidad

- Bumuo ng isang emergency kit para sa alaga mong hayop.
- Pag-isipang lagyan ng microchip ang (mga) alaga mong hayop. Isa ito sa pinakamagagandang paraan para masigurong magkikita kayong muli ng iyong alagang hayop sakaling magkahiwalay kayo. Siguraduhing updated ang iyong contact information. Ang ilang microchip registry ay may taunang bayad.
- Makipag-buddy system sa mga kapitbahay o kaibigan para matiyak na may isang taong makakapag-alaga sa mga alaga mong hayop kung hindi mo ito magawa.
- Lagyan ng mga kopya ng mga record ng pagbabakuna ng bawat alagang hayop sa iyong Go Kit na pang-emergency. Kung kailangan mong hanapan ng mapagkakanlungan kasama ang mga alaga mong hayop, malamang na hihingin ang mga iyon ng isang kanlungang tumatanggap sa mga alagang hayop.

## Pagkaraan ng isang kalamidad

- Magkaroon ng kamalayan sa mga panganib sa kapaligiran tulad ng mga debris at mga tumapong kemikal. Ang mga alagang hayop ay madaling masugatan sa mga paa at ilong.
- Bantayang mabuti ang (mga) alaga mong hayop at panatilihin silang nasa ilalim ng iyong direktang kontrol dahil maaaring nasira ang mga bakod at trangkahan.
- Huwag hayaang gagala-gala ang mga alaga mong hayop. Maaaring nagbago na ang mga landmark at maaaring maligaw ang alaga mong hayop.

## Ano ang kasama sa isang emergency kit



Pagkain at tubig (para sa dalawang linggo), manu-manong pambukas ng de-lata, mga mangkok



Pantali sa leeg na may ID tag, renda, o tali (kabilang na ang mga backup)



Gamot, mga medical record, at first aid kit



Mahahalagang dokumento: rehistro, pagbabakuna



Crate o carrier ng hayop



Mga pamilyar na bagay gaya ng mga paboritong laruan, treat, at kumot at unan



Mga plastic bag o pandampot ng tae para malinisan kaagad ang pinagtaihan ng (mga) alaga mong hayop



Kasalukuyang (mga) litrato ng bawat alagang hayop, mga litrato mo na kasama ang bawat alagang hayop

**Important information**

**Microchip number:**

______________________

**Washington County pet license number:**

______________________

**Contact information ng vet:**

______________________

**Contact information ng emergency vet:**

______________________

**Impormasyon tungkol sa mga pagbabakuna:**

______________________

Ang Take 5 to Survive ay hatid sa inyo ng Emergency Management Cooperative ng Washington County: www.emcwc.org